# Chapter One

"Babaero," napalakas na sambit ni Sera. Alanganin siyang ngumiti nang kunot-noong nilingon siya ng katabi sa bus. "Sorry ho, na-carried away lang."

Muli, pasimpleng dumako ang mga mata ni Sera sa article tungkol kay EJ Trinidad na hawak ng katabing pasahero. Sinimangutan niya ang larawan ng aktor kung saan kasama nito ang isang magandang starlet. Ang alam niyang kasintahan nito ay iyong *Binibining Pilipinas* runner-up at flight attendant. At hindi niya maintindihan kung bakit madalas sa mga events at parties na dinadaluhan ay iba-iba ang kasamang date ng lalaki. Tila ipinahihiwatig niyon na nasa isang open relationship

ito. Masyado na siyang affected.

Ibinaling ni Sera ang tingin sa labas ng bus at eksakto namang nasa itaas nila ang malaking billboard advertisement ni EJ Trinidad ng pabango. Ang tanging suot nito ay pantalong maong at may babaeng nakayakap mula sa likod nito na naka-bra at panty lang at fishnet stockings. Nakayuko ang binata, his lashes dark and thick. With his straight nose, high cheekbones, and chiseled jaw, hindi rin talaga masisisi ang mga babaeng magkandarapa rito. He was the epitome of perfection of the male specie. Malapad ang dibdib nito na may maninipis na balahibo at may six-pack abs pa. The low hung of his jeans exposed the V of his lower torso. Hindi napigilang ibinaba pa niya ang tingin sa harapan ng pantalon nito.

Nagbuntong-hininga si Sera bago pa siya mag-palpitate. She was always torn between love and hate for this man.

*Asus, close kayo?* naiiling na kutya niya sa sarili. Ang babaeng nasa likuran ni EJ ay isang sikat na modelo at minsang nai-date din nito. Siguro naman, mahihinto na ang pagparada nito ng iba't ibang babae kapag naikasal na ito at ang fiancée nito ngayong Linggo.

Nakaramdam siya ng lungkot. Siguradong maraming kababaihan ang ganito rin ang nararamdaman dahil sa nalalapit na pagpapakasal ni EJ Trinidad. Susme, na para bang may chance sila?

Napaunat si Sera habang palapit sila sa overpass. Nang huminto ang bus ay nakisabay siya sa karamihan sa paglakad patungo sa *Megamall*. Nakasanayan na niya ang panggabing duty bilang cashier sa coffeeshop.

Mula second year college, nagpa-parttime na siya bilang service crew upang matulungan ang inay niya na nagtatrabaho noon sa isang laundry shop. Graduating siya nang tuluyang huminto sa pag-aaral matapos maaksidente ang nanay niya. Nasagi ito ng motor at napasama ang bagsak. Hanggang ngayon ay nakasaklay ito at hindi na nagtatrabaho. Ang dating kinakasama nito, si Mang Rodel, ay nangibang-bahay na at kulang na kulang pa ang ibinibigay na allowance para sa kapatid niya sa ina na si Andrew. Minsan nga ay ito pa ang nangungutang sa inay niya. Noong una ay sinubukan niyang bigyan ng puhunan ang ina para makapaglagay ng sari-sari store sa harapan ng bahay nila ngunit ngayon ay wala na iyong laman. Yelo na lang at ice tubig ang itinitinda, mukhang ipinapautang pa.

Napailing si Sera. Pumasok siya sa coffeeshop at sinalubong ng mabangong amoy ng kape. Dumerecho siya sa opisina ng kanyang supervisor.

"Ma'am Flor…" bati niya rito. Isang mesa, isang upuan, isang filing cabinet, at isang vault lang ang kasya sa maliit na opisina sa loob ng shop. Sa kabila niyon ay ang makipot ding locker area.

"Endo ka na pala next week. May malilipatan ka na ba?" Batid nito na siya ang breadwinner sa pamilya niya.

"Baka ho sa itaas, ma'am." Kumunot ang noo nito. Halos naikot na niya lahat ng food tenants sa floor nila.

"Boutique?"

Tumango siya. "Kaso hindi pa ako tinatawagan. Nag-try rin po ako sa ibang mall. Pero wala pang tawag."

"Ilang araw lang kita puwedeng mai-extend…"

"Okay lang iyon, ma'am." Pilit siyang ngumiti. Magkalapit sila ng edad bagaman ito ay may asawa na at isang anak. Mabait sa kanya ang babae at nakagaanan na niya ito ng loob. Nagpaalam siya na magbibihis na at tinungo ang maliit na CR.

"Sorry na, 'nak," anang inay niya.

Naabutan niyang nag-iisa ang kapatid kagabi pag-uwi niya. Ang sabi nito, nasa kapitbahay ang ina at nagbi-bingo. Nang umuwi ang nanay niya ay nasa kuwarto na siya at nagkukunwaring tulog. Ngayong umaga ay nauna itong bumangon at naghanda ng almusal na itlog at kamatis.

"Naglilibang lang naman ako. Naiinip kasi ako rito sa bahay," paliwanag nito.

"Paano kang hindi maiinip, wala ka nang tindahan kasi kung hindi mo ipinautang kay Mang Rodel ang puhunan mo, ipinapautang mo sa kapitbahay ang paninda mo. Tapos ngayon, pati allowance ni Andrew, binawasan mo pa." Pinigil niyang maiyak. "Wala ho tayong budget para sa bingo." Pumasok siya sa banyo bago pa ito makasagot.

Gumayak siya agad matapos maligo.

"Saan ka pupunta?" tanong ng ina. "Hindi ka ba kakain muna?"

"Maghahanap ho ng trabaho. Endo na ho ako next week." Tuluyan na siyang lumabas ng bahay.

Ilang minuto na siyang nakatayo sa paradahan ng jeep at ilan na ang dumaan ngunit hindi siya sumakay agad. Hindi niya alam kung saan siya pupunta. Hindi siguro ganito ang takbo ng buhay

niya kung hindi niya pinili ang inay niya.

Elementary si Sera nang malaman niya na buhay pa ang kanyang ama. At kahit may legal na itong asawa, nais siyang kunin nito bilang anak siya nito sa pagkabinata. Hindi siya ibinigay ng inay niya dahil baka raw apihin lang siya ng pamilya ng papa niya. At dahil na rin sa pride ng ina, pati suportang inialok ng ama ay tinanggihan nito.

High school siya nang magkaroon ng bagong kinakasama ang ina at magkaanak ang mga ito. Muli, sinubukan siyang kunin ng ama ngunit hindi pa rin pumayag ang kanyang inay bagaman tinanggap na nito ang monthly allowance na inialok ng papa niya, sa udyok na rin ni Mang Rodel. Kasabay niyon, regular na silang nagkikita ng ama. At bagaman hindi itinatago ng asawa nitong si Monique ang disgusto sa kanya, hindi niyon napigilan ang papa niya. Ilang beses pa siyang inalok ng ama na pumisan dito ngunit hindi niya maiwanan ang inay at kapatid.

Graduating siya sa kursong Journalism sa *PUP* nang mamatay ang kanyang papa sa aneurysm. Dapat ay may makukuha siyang mana mula rito ngunit pinapirma siya ni Monique ng dokumento na kusang loob niyang isinosoli ang manang natanggap. Kapalit niyon ay may matatanggap siyang monthly

allowance mula sa babae. She was young and naïve and she trusted Monique. Makaraan lamang ang apat na buwan ay wala na siyang natatanggap na allowance. Nang subukan niyang lumapit dito ay ipinagtabuyan siya nito at binantaan pang ipakukulong dahil sa trespassing. Kasabay rin niyon ang aksidente ng ina na tila ginamit nitong dahilan upang kaawaan ang sarili at kinailangan ni Sera na huminto sa pag-aaral at magdoble-kayod.

Sunud-sunod niyang ikinurap ang mga mata nang lumabo iyon dahil sa luha. Sumakay siya sa humintong jeep nang hindi binabasa ang ruta niyon.

"Late ka," bati ni Christian. Ito ang dining crew na madalas kasabay niya sa shift at nakapalagayang-loob na rin niya.

"Shhh. Nakarating akong Fairview."

"Puyat o problema?" tanong nito matapos matawa.

Hindi niya gustong magpaliwanag, sa halip ay inilabas ang uniporme mula sa bag. Akmang pupunta siya sa banyo nang tumunog ang kanyang cellphone.

"'Nay?"

"Anak, 'andito kami ni Andrew sa hospital."

Binanggit nito ang public hospital na malapit sa kanila.

"Ano'ng nangyari?" Tila nagsikip ang dibdib niya.

"Sinundo ko sa school si Andrew kasi nilalagnat at masakit ang tiyan. Kahapon pa pala masama ang pakiramdam niya."

"Ano ho'ng sabi ng doctor?"

"May test pang ipinapagawa ang doktor." Tumikhim ang ina. "Nagbigay ang tatay niya ng pera kaso kulang din."

Napalunok si Sera. "Magkano raw ho?"

"Mga dalawang libo pa…"

Kakasya naman ang pera niya, kaso mga dalawang linggo silang itlog o tuyo lang ang ulam. Walang katernong kamatis. "Sige ho, susubukan kong sumaglit d'yan ngayon." Nakalahad ang kamay ni Christian nang patayin niya ang cellphone, sa kamay nito ay may limang daan.

"Ano iyan?"

"Utang." Ngumisi ito. "Hindi mo naman tatanggapin kung bigay lang, di ba?"

Napasinghot ang dalaga.

Pinayagan naman siyang mag-undertime ni Sir Rudy, ang branch manager. Bago tuluyang

makalabas ng shop ay tinawag siya ni Ma'am Flor at inabutan ng limandaan. Utang din daw. Mukhang may katerno nang kamatis ang itlog at tuyo nila.

Pangalawang araw ng kapatid sa hospital nang sabihin ng doktor na acute appendicitis at hindi food poisoning ang resulta ng mga tests. Agad silang pinaghahanda nito ng pera upang maoperahan ang kanyang kapatid.

"Saan tayo kukuha ng ochenta mil?" maluha-luhang sabi ng ina.

"Si Mang Rodel ho kaya?" May-ari ng junk shop ang bagong kinakasama ng ama ni Andrew.

"Hindi naman papayag ang kabit niya na maglabas ng pera para sa kapatid mo." Iyon ang tawag nito sa babae kahit hindi rin naman ito pinakasalan ni Mang Rodel.

"Wala ho tayong ibang maaring takbuhan…" May kumislap na ideya sa isip niya.

"Sige at pupuntahan ko muna." Tumayo ang ina.

"May duty ho ako nang alas dos, 'Nay," paalala ni Sera. Sayang ang suweldo kapag umabsent na naman siya.

Nang bumalik ang inay niya ay may dala itong quince mil. Saan niya kukunin ang natitirang

balanse? Wala sa sariling tumayo siya.

"Papasok na ho ako."

"Ang s'abi ng doktor ay kailangang maoperahan agad ang kapatid mo…"

"Alam ko ho. Gagawa ho ako ng paraan." Isinukbit niya ang bag at humakbang palabas.

Hindi siya dumiretso sa coffeeshop para mag-duty.

"Wala kang appointment," matabang na sabi ng sekretarya ni Monique. Tila naipamana na ni Monique rito ang kasamaan ng ugali. Ang buong ikatlong palapag ng nasabing gusali ang opisina ng *Celebrity*, isang magazine na ang madalas na article ay tungkol sa mga secret lives ng mga sikat na personalidad. Parang sosyal na tabloid minus the sex columns. Well, minsan ay nakabasa na rin siya ng tungkol sa mga fetish ng mga celebrities doon.

"Anak ho ako ng yumaong asawa niya. Ten minutes lang, please."

Hinagod siya ng nang-uuring tingin ng sekretarya. Kupas na polo shirt, skinny jeans, at lumang rubber shoes na puro shoe glue ang suot ni Sera.

"Maupo ka muna at itatanong ko kung haharapin ka." Pumasok ito sa pintong nasa likuran nito.

Nang muli itong lumabas ay tumango ito. “P’asok ka na.”

Nasa kolehiyo si Sera nang huli niyang makita si Monique. Ipinagtabuyan siya nito noon.

Matangkad ito at maganda. At ngayong kaharap niya ulit ang madrasta, hindi niya alam kung ano ang dapat maramdaman. Bakas pa rin ang ganda sa mukha ng babae ngunit nangingitim ang palibot ng mga mata nito na hindi naitago ng makeup.

“What do you want?” Nagsindi ito ng sigarilyo. Pinigil niyang malukot ang mukha sa amoy ng usok niyon.

“Salamat at hinarap mo ako.”

“Ano’ng kailangan mo? Marami akong gagawin.”

“Kailangan ko ng pera. Nasa hospital ang kapatid ko.”

“Magkano?” Pinatay ni Monique ang sigarilyo sa ashtray.

“Seventy thousand.” Pinasobrahan niya ng limang libo ang kailangan dahil sigurado siyang may mga bibilhin pang gamot si Andrew.

Inaasahan na niya ang pagtanggi nito ngunit sa halip ay niyuko nito ang check book at nagsulat doon.

“Bibigyan mo ako?” Hindi siya makapaniwala

na hindi siya pahihirapan ng babae.

"May trabaho ka ba?"

"Mag-e-endo na ako sa coffeeshop next week."

"Hindi ba Journalism ang course mo?"

"Kinailangan kong huminto." Tila napuno ng guilt ang mukha ng kaharap. Binuksan nito ang drawer at iniabot sa kanya ang folder.

"Bibigyan kita ng trabaho." Atubiling binuksan ni Sera ang folder. Kumunot ang kanyang noo nang tumambad ang larawan ni EJ Trinidad. "Ibigay mo sa akin ang mga sikreto niya."

"May sikreto ba 'to? Hindi nga niya itinatago ang pagpapalit niya ng babae, eh." Ibinalik niya rito ang folder. "At ikinasal na 'yan noong isang araw, di ba? Gusto mo bang sundan ko ang honeymoon?"

"Walang kasalan, Sera. Hindi ka ba nagbabasa ng dyaryo o nanonood ng balita? Iniwan siya ng bride. Nawawala si Crystal. At ngayon, nawawala na rin si EJ Trinidad. The internet is going crazy. Ibibigay ko sa 'yo ang seventy thousand, hindi utang. But I want his secrets." The woman had gone crazy.

"Dagdagan mo ng thirty thousand at ibibigay ko sa 'yo lahat ng sikreto ni EJ Trinidad." She felt crazier.

"Hmm."

"At ibalik mo ang allowance ko." Thirty thousand

iyon noong pinutol ni Monique. "Kasama ang lahat ng hindi mo naibigay na allowance."

"You have guts."

"Or magsasampa ako ng kaso."

"Anong kaso?"

Natigilan si Sera. "Iisipin ko pa."

Sa panggigilalas niya ay tumawa ang kaharap. "Alright. Deal," anito pagkatapos.

"Talaga?" Nababaliw na nga yata ito.

Tumango si Monique. "You're Cesar's daughter. Hindi mo ba naisip hingin ulit ang mana mo?"

"Ibibigay mo rin?"

Tumawa ito. "Iisipin ko pa," panggagaya nito sa sagot niya.

Tumayo si Sera at dinampot ang folder.

"I'll ask the lawyer to draft our contract."

"Oo nga pala." Nakalimutan niyang hindi dapat pagkatiwalaan ang kaharap.

"Alam mo ba kung saan hahanapin si EJ Trinidad?"

"Kung alam mo, bakit hindi mo iutos sa mga researchers mo?"

"I need someone fresh. Iyong hindi mahahalata na konektado sa akin. EJ Trinidad is in Cagayan."

"Cagayan? Baguio nga hindi ko pa nararating,

paano ako pupunta ng Cagayan?"

Muling natawa ang kaharap. "Ibibigay sa iyo ng sekretarya ko lahat ng kailangan mo."

# Chapter Two

Nang makababa siya sa *San Vicente Port* ay sinalubong siya ng kanyang kontak sa port. Hindi iyon mula sa impormasyong ibinigay ni Monique kundi mula sa nakilala niya sa bus. Nagkakuwentuhan sila at nabanggit niya rito ang tungkol sa pakay niya.

"Ikaw ba si Sera?" Tumango siya. "Halika at ipagtatanong natin ang hinahanap mo." Halatang nagmamadali ang babae na ayon sa nakilala niya sa bus ay may pangalang 'Angie.'

Lumapit sila sa grupo ng mga bangkero.

"Adonis," tawag nito. Unang lumingon ang maskuladong bangkero ngunit sa likod niyon ay humakbang palapit sa kanila ang isang maliit at payat

na lalaki. Halos hindi sila nagkakalayo ng taas. "Si Adonis, ang asawa ko," pakilala nito.

"Sino ba'ng hinahanap mo?" tanong ng lalaki.

"Si EJ Trinidad ho."

"'Yung artista?" tanong ulit nito.

Tumango siya.

"Hindi ba patay na iyon?" tanong ni Aling Angie.

"Fake news po iyon. Mga espekulasyon lang."

Tila hindi kumbinsidong tumango si Aling Angie. Bumaling ito sa asawa. "May makukuha ka kayang impormasyon?"

"Sa Palaui ba nagtatago?"

Umiling si Sera. "Ang s'abi lang ho ng source ko ay nasa isa sa mga isla."

Napailing ang matanda. "May ilang hindi pa nadi-discover na isla sa paligid. Iyong hindi mga kasama sa Palaui tours.

Hindi niya gustong sayangin ang araw niya sa pagbabakasakali.

"Ipagtanong muna natin," sabi ni Mang Adonis sa nakitang pag-aalangan sa mukha niya.

"P'wede na ba kitang iwanan dito?" tanong ni Aling Angie. Tumango siya.

"Sige, ibibilin ko kay Adonis na ihatid ka sa home stay malapit dito kung kailangan mo. Mauuna na ako

at walang nagbabantay sa mga apo ko. Pasensya ka na at hindi kita masasamahan."

"Salamat ho at pasensya na rin sa abala."

Nang bumalik sa kanya si Mang Adonis ay inaya siya nitong makipag-usap sa mga bangkerong tinipon nito.

"Meron ka bang picture para maipakita natin?"

Kinuha niya ang folder sa bag at inilabas ang larawan ng binata. Tiningnan iyon ng matanda bago iniabot sa ibang bangkero. "Baka naisakay ninyo ito patungo sa ibang isla?"

Ilang sandaling nag-usap ang mga ito sa sariling diyalekto. Pagkatapos, natuon ang atensyon sa isang binatilyo.

"Ikaw raw ba iyong hinihintay na yaya?" tanong nito.

"Ako? Yaya?" May palagay siyang sabog-sabog na naman ang buhok niyang nakalimutan niyang ipusod. Hanggang bewang iyon at natural na alon-alon. "Naghahanap ho ng yaya si EJ Trinidad?"

Bumaling ang matanda sa binatilyo at muli itong kinausap sa Ilokano.

"Hindi raw EJ Trinidad ang pangalan. At kamukha lang niyan."

May palagay siyang kailangan niyang sunggaban ang chance na ito. "Ako nga ho iyong nag-a-apply na yaya."

Puno ng pagdududa ang tingin ni Mang Adonis. "Eh bakit sabi mo si EJ Trinidad ang hinahanap mo?"

"EJ Trinidad nga ho. Pero kahapon pa ako naliligaw dahil hindi kumpleto ang direksyong ibinigay. Kung hindi nga ho dahil kay Aling Nora hindi ako makakarating dito. Saka kung kamukha niya eh baka siya na nga rin iyon. Hindi naman ho ako masamang tao. Magbabakasakali lang ako na iisang tao iyong sinasabi ninyo at iyong hinahanap ko."

Marahil ay nahalata ng matanda ang desperasyon sa tinig ni Sera sa kabila ng pagiging magulo ng kuwento niya at tinanguan nito ang binatilyo. "Sumama ka kay Cris at ihahatid ka niya sa lolo niya. Iyong lolo niya daw ang naghatid doon sa kamukha ni EJ Trinidad sa Isla Pawikan.

Matapos ang ilang minuto, nakilala niya si Mang Dante na lolo ni Cris. Ito pala ang naghahatid ng supplies sa isang lalaking tinatawag na 'Elton'. Sinabihan siya nito na bumalik na lang bukas nang umaga.

Sinalubong siya ni Mang Adonis matapos niyang

makausap ang matanda. "O, ano'ng sabi ni Mang Dante?" anito.

"Bukas pa raw niya ako isasabay sa paghatid ng supplies."

"Ah, s'abi nga ni Cris ay tuwing Martes lang pumupunta ang lolo niya roon. Pero puwede pa kitang ihatid ngayon," ani Mang Adonis.

"Talaga ho?"

Itinuro nito ang natatanaw na isla sa pinanggalingan niya. "Iyon lang iyong isla. Mga bente minutos sa bangka. Malamang nagtitipid lang si Mang Dante sa gas. At kung ikaw 'ka mo ang yaya, malamang hinihintay ka na d'un."

Ang bente minutos ay naging halos trenta minutos dahil sa bandang gitna ay malalaki ang alon.

"Marunong ka bang lumangoy?" tanong ni Mang Adonis.

May pakiramdam siyang namutla siya dahil natawa ang matanda. "Hindi ho."

"'Wag kang mag-alala, normal pa ang alon na ito. Naitanong ko lang naman."

Hindi siya sumagot at nag-concentrate sa paghawak sa gilid ng bangka.

"Hihintayin ba kita?" tanong ng matanda bago sila tuluyang makalapit.

"Ahm… hindi na ho siguro. Pupunta naman si Mang Dante bukas." Natanaw niya ang sementadong hagdan paakyat sa likod ng ilang puno sa harapan ng isla. Wala sa loob na tumayo siya sa bangka bago pa ganap na makadaong.

"'Wag ka munang—"

Bago pa natapos ng matanda ang sinasabi ay sinalpok na sila ng alon at nahulog siya sa bangka kasama ang backpack. She kicked and gasped for air.

"Mababaw na! Tumayo ka!" sigaw ng bangkero.

Ilang sandali pa bago niya naintindihan ang isinisigaw nito. Napapahiyang tumayo siya at hanggang leeg nga niya ang tubig.

"Pasensya na ho," ani Sera.

Napakamot ito sa ulo nang iabot niya ang nabasang sandaang piso.

"Eh ikaw ba, ayos lang? Mukhang nabasa lahat ng gamit mo."

She tsk-ed as she took the cellphone from her bag. Sinubukan niyang i-on iyon ngunit hindi gumana.

"Gusto mo bang samahan kita sa itaas?" tanong ng matanda. Sabay nilang hinayon ng tingin ang hagdan pataas na ngayon ay nakalantad na mula sa puwesto nila.

Kung narito si EJ Trinidad ay mas magandang hindi iyon makumpirma ni Mang Adonis. Nag-aalala siyang baka makarating ang balita sa ibang reporters at siguradong hindi matutuwa si Monique.

"Hindi na ho. Sasama na lang din ako pabalik kay Mang Dante bukas."

"O sige, mag-iingat ka."

Nang makalayo ang matanda ay iginala niya ang tingin sa palibot ng isla at humakbang upang baybayin ang paikot niyon. Ayon kay Mang Adonis, ang mga lokal lang daw ang nagbigay ng pangalan sa isla dahil hugis pawikan ito. Isa raw ito sa mga isla na hindi lumulubog kapag high tide, ngunit hindi pansinin dahil nasa kabilang direksyon ang dinadayong Palaui Island.

Namangha siya nang sa pag-ikot ay bumungad ang tila kuweba na dinadaluyan ng tubig-dagat. Tila ang bahaging iyon ang nagbigay rito ng hugis pawikan. Humakbang si Sera papasok sa kuweba at lalong namangha nang makita ang siwang sa itaas kung saan pumapasok ang liwanag. Hinayaan niyang mag-adjust ang mga mata bago iginala ang tingin sa paligid.

"Wow…" hindi napigilang bulalas niya nang makita ang tila maliit na swimming pool sa gitna ng

kuweba. Sigurado siyang natural iyon at tubig-dagat ang laman. Humakbang siya palapit at nagimbal. Malinaw ang tubig at may tao roon. Bagaman tanging ang ulo lang nito ang nakalitaw, sigurado siyang wala itong saplot. Patay na ba ito?

"Nanay ko po!" tili ni Sera kasabay nang pagpikit. Huminga siya nang malalim at muling iminulat ang mga mata. At ang taong kanina lamang ay nakahiga, ngayon ay nakaupo na at tila nagulat din sa kanya. "Buhay ka!" muli niyang tili bago nagtatakbo palabas ng kuweba.

Bahagya siyang hiningal nang makalabas ng kuweba. Yumuko siya habang nakahawak sa mga tuhod saka niya naramdaman ang paggalaw mula sa kuweba. Natutop niya ang bibig nang makitang lumabas ang taong kanina ay naroon at tila nakalimutan nito na wala itong anumang saplot.

"Buhay ka!" ani Sera kasabay ng pagturo rito. Wala sa loob na bumaba ang tingin niya sa pagitan ng mga hita nito. Talaga bang ganoon ang normal na size niyon? "Buhay…" mabuway niyang sabi na nakaturo pa rin ang daliri.

Yumuko ang binata at dinampot ang backpack ni Sera upang itakip sa harapan nito. Napangiwi siya. No. She would never look at her backpack the same

way again. "Buhay ka…" Muling bumalik sa mukha nito ang kanyang mga mata. Ibinaba niya ang kamay.

"Of course." Sa kabila ng pagiging balbas-sarado nito ay nakita niya ang pag-ismid nito.

"You're… you're EJ Trinidad!" bulalas niya. Maliban sa bahagyang mahabang buhok at balbas-saradong mukha ay wala namang masyadong nabago sa mukha nito. Ang balat ng lalaki ay namumula marahil gawa ng pagbibilad sa araw. Malabo ang mga mata ni Mang Dante para sabihing hindi nito kamukha iyong nasa larawang dala niya.

"It's Elton now. Ikaw ba ang ipinadalang yaya ng agency?"

"Elton John ba ang ibig sabihin ng EJ?"

A shadow of smile graced his lips.

# Chapter Three

Elton squinted his eyes out in the cave into the bright light. Sa malamlam na liwanag sa loob ng kuweba ay puno siya ng kapayapaan. He was EJ Trinidad to his fans at tinalikuran na niya iyon bilang si Elton. But his peace was suddenly threatened by the presence of this woman.

Sa taas niyang halos anim na talampakan ay maliit ito, ang buhok nito ay hanggang beywang na alon-alon at kahit hindi siya hairstylist ay alam niyang kailangan na niyon ng treatment. Basa iyon at nakasabog sa mukha at balikat nito. Pati ang suot nito ay basa. Lumangoy ba ito papunta sa isla?

Well, she could be a mermaid with her figure. Ang basang kasuotan nito ay nakahulma sa katawan

nito—firm breasts, really small waist and perfect thighs—na tila pang-centerfold ng panlalaking magazine. Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumakip sa mukha and he was somehow surprised to see an interesting face. Makapal ang mga kilay nito, deep-set round eyes, small nose, and small sexy lips. Muli ang pagsagi sa isip niya na papasa ito sa isang panlalaking magazine.

"Buhay ka!" bulalas nito kasabay ng pagturo ng isang daliri. "Buhay…" Her voice faded as her gaze dipped down between his legs.

Dinampot ni Elton ang pinakamalapit na puwedeng itakip sa maselang bahagi at nakita niya ang pagngiwi ng estranghera nang ang backpack nito ang damputin niya.

"Buhay ka…" Tila napaniwala na nito ang sarili at hindi niya napigil ang ismid. "You're… You're EJ Trinidad!"

He was alarmed.

"It's Elton now." Gusto niyang alisin sa isip nito ang kasikatan niya. "Ikaw ba ang ipinadalang yaya ng agency?"

Dapat ay sa makalawa pa darating ang yaya pero maaring napaaga. Hindi stable ang signal sa isla kaya minsan ay hindi siya makontak. Ngunit kung siya

ang tatawag o magti-text ay wala namang problema. He reminded himself to call the manpower agency again.

"Elton John ba ang ibig sabihin ng EJ?"

He groaned inwardly at hindi nasupil ang maliit na ngiti. "Thankfully, no." Hindi na niya gustong ipaliwanag dito na ang J ay para sa Javier which is his middle name. "So ikaw ba ang yaya?"

Tila nagdalawang-isip ito. "Ikaw ba ang aalagaan?"

He chuckled in amusement. Ang tila walang prenong bibig ng dalaga ay nakakaaliw.

"No." Tumaas ang kilay niya kasabay ng muling paghapit sa backpack sa kandungan niya. Muling ngumiwi ito. "What? Would you rather see me naked?"

She sighed. "Virgin pa kasi 'yang backpack ko. Idinikit mo namang maige…" Muli natawa si Elton. Hindi ba ang swerte ng backpack dapat?

"So are you the yaya? You've seen me here, nakilala mo ako as EJ Trinidad. If you're not the yaya…" Hindi niya agad nasundan ang nais sabihin. He needed to think of something para hindi nito ipaalam sa iba na nakatagpo siya nito. Maybe a nice amount of money and a contract? Or maybe ask his

lawyer to deal with her and her agency.

"Hindi na ako makakaalis nang buhay rito?" Fear crossed her eyes. And he decided to play along.

"Unfortunately," seryoso niyang sabi. Pinigil niyang mapangiti dahil sa iba't ibang emosyon sa interesanteng mukha ng babae.

"Ako iyong yaya…" Lumunok si Sera. "Pero sino ba ang aalagaan ko? Hindi naman siguro ikaw. Ang laki mo na…" Wala sa loob na naglakbay ang mga mata niya sa katawan nito at huminto sa bahaging natatakpan ng backpack. "Ibig kong sabihin, ang tanda mo na." Her cheeks turned hot.

"I'll just get my towel, okay." Ibinaba ni Elton ang backpack at tumalikod pabalik sa kuweba.

Nanlalaki ang mga mata niya at tila aatakehin siya sa puso. Sa kabila niyon, hindi niya nagawang bawiin ang mga mata sa kahubdan nito.

Nagpapaypay siya gamit ang palad nang muling lumabas ng kuweba si Elton na ngayon ay nakatapis na ng tuwalya. Mababa ang pagkakatapis ng tuwalya na tila matatanggal kapag naglalakad ito. At ang harapan ay inihuhulma ang hindi dapat bumakat.

He gave her a smirk at nagpatiuna sa bahaging pinanggalingan niya kanina paakyat sa hagdanan.

"Shall we?"

"Okay…" Nag-alinlangan siyang damputin ang backpack. Nang umangat ang kilay ng binata ay kinuha niya iyon. Sa halip na isukbit ay hinawakan lang niya sa dulo niyon.

He looked amused.

"Ano'ng akala mo, yayakapin ko 'to matapos mong idikit-dikit d'yan sa ano mo?" tukoy ni Sera sa backpack. Naiiling na tinalikuran siya nito at saka humakbang na. Mabilis siyang sumunod sa malalaki nitong hakbang.

Ohlala. Hindi niya napigilan ang pagngisi nang sa pag-akyat ng hagdanan ay nauuna pa rin ang binata. Their position gave her a perfect view of his behind. Sa ganoon siya nalingunan ni Elton.

"Enjoying the view?"

Mabilis siyang lumingon sa dagat. "Oo, matambok… ahmm… maalon?"

*Syet, kalmado ang dagat.* Ibinalik niya ang tingin dito.

Umangat ang sulok ng mga labi ng lalaki at ramdam niyang muli ang pag-iinit ng mukha.

Nilukot niya ang mukha at tahimik na sumunod dito.

Matapos ang sampung baytang ay huminto na

siyang magbilang. Hinihingal siya nang marating nila ang tuktok. Mula sa pagpanhik at mula sa tanawing tumambad.

May konkretong bungalow na puti, ang mga poste ay gawa sa bricks na kulay abo at ang bubong ay asul. May malawak na deck iyon na mayroong jacuzzi at dalawang reclining chairs. Sa likod ay mini-bar. Ang perimeter ay may bakod na puti rin at may mga namumulaklak na halamang tila natural na sumibol.

"Perfect, right?" baling sa kanya ng binata.

Sunud-sunod ang tango niya. "Ang ganda…"

"What's your name?"

"Sera. Serafina Baltazar."

"This is what I found bilang Elton." Magkaharap na sila. "At hindi mo na puwedeng ibalik si EJ Trinidad dahil mawawala lahat ito." May pagbabanta sa tono nito. "Nagkakaintindihan ba tayo, Sera?"

Napalunok siya. Dapat yata hindi niya sinabi ang buong pangalan niya. "Yaya lang naman ako."

Kung maaliwalas ang labas ng bungalow, higit na maaliwalas ang loob. Halos puti ang kabuuan niyon at malalaki ang bintanang salamin. Hindi kalakihan ngunit moderno ang yari at ang mga gamit. Ayon kay Elton ay solar energy ang source ng kuryente roon.

Dalawa ang kuwarto; ang isa ay sa binata at ang isa ay ginawang nursery. May malaking crib na halos okupahin ang gitna ng kuwarto at sa sulok ay ang single bed.

"Saan ako ma—"

"Dito ka sa nursery kasama ng baby."

"Baby mo?"

"Yaya ka, di ba? No personal questions allowed."

"Nasaan ang baby?" Hindi kaya nababaliw na ang binata at imaginary baby lang ang aalagaan niya? Tila nahulaan nito ang iniisip ni Sera.

"Hindi imaginary ang baby. Sa makalawa pa 'yun ihahatid dito, kaya nga dapat sa makalawa ka pa. Iyon ang sinabi ko sa agency."

"Hindi ko nakuha nang malinaw ang instruction."

"Yeah, I could guess."

Inirapan niya ito. "Hindi ako slow…"

Nagkibit-balikat ito. "We'll see." Tumalikod na ang lalaki upang lumabas ng silid.

"Hambog…" bulong niya.

"I heard that…" sabi nito bago tuluyang makalabas ng pinto.

# Chapter Four

Ang sabi ni Elton, matapos itong magtanghalian at bago nagkulong sa kuwarto, si Sera na ang magluluto ng hapunan. Hindi siya sumabay sa binatang magtanghalian at piniling maligo na lang muna.

Ang problema, pagkatapos niyang maligo, ay saka lang niya naalalang basa lahat ng damit niya sa backpack. Itinapis niya ang malaking tuwalya at marahang sumilip sa pinto. Tahimik at walang bakas ng binata. Marahan siyang humakbang palabas.

Akmang bubuksan na niya ang pinto ng nursery nang bumukas ang katabing pinto at lumabas doon si Elton. Wala itong pang-itaas at naka-boxers lamang. Wala sa loob na naglakbay ang mga mata niya sa

katawan ng lalaki. He smirked and surveyed her body lazily. Napasinghap si Sera nang mapagtanto ang ginagawa nito.

"Bastos." Tumalim ang mga mata niya.

"Should I say the same to you?"

"Ha?"

"Hindi ba at naglalakbay rin ang mga mata mo sa katawan ko na tila katakam-takam akong pagkain."

Umismid siya kasabay ng paghalukipkip. "Naglakbay lang ang mga mata, oo. Pero katakam-takam na pagkain, hindi."

He gave her a smug grin. "Sinungaling." Nanlaki ang kanyang mga mata. "At next time, 'wag kang pumaparada nang nakatuwalya kung ayaw mong tinitingnan ang katawan mo." Muling bumaba ang tingin ni Elton sa dibdib niya bago tumalikod para lumabas ng cottage.

"What the hell—" biglang sabi ni Elton. Nang lingunin niya ay tunay ang tila pagkagulat nito.

"Bakit ba?" Bahagya siyang napahiya. Nakabalot siya ng kumot at alam niyang mukha siyang engot. Nilagyan niya iyon ng pardible na nakuha niya sa nursery. Sa ilalim niyon ay ang tuwalya pa rin.

"What are you wearing? Bakit ka nakatalukbong?"

"Kung naaalala mo, basa ang backpack ko. At lahat ng gamit ko ay basa."

"Lumangoy ka ba papunta rito?" Tila kanina pa nito gustong itanong iyon.

"Nagpahatid ako sa bangka… kaso nahulog ako." Tumawa ang lalaki. Tila inamin lang niya ang ipinahihiwatig nito kanina na slow siya. Matalim niya itong inirapan.

"Okay, sorry." Tumalikod si Elton at bumalik sa kuwarto.

Itinuloy ni Sera ang pagluluto ng adobong manok. Nang muli itong bumalik ay iniabot sa kanya ang ilang t-shirts at boxer shorts.

"Ano 'to? Bukas pa ko maglalaba."

He grinned sheepishly. "Baka lang gusto mong isuot, kesa sa kumot at tuwalya."

Niyuko niya ang sarili at nakalaylay na sa balikat niya ang bahagi ng kumot at nakalantad ang puno ng kanyang dibdib kung saan kita ang buhol ng tuwalya.

"Salamat. Magbibihis lang ako."

Ang akmang paglalagay ng kanin ni Elton ay nahinto nang muling lumabas ng nursery room si Sera. Ang suot nito ay ang t-shirt niya na halos umabot hanggang tuhod nito. Hindi siya sigurado

kung isinuot din nito ang boxer shorts. Hindi naman niya gustong ibaba ang mga mata. But he did.

Una sa dibdib ng dalaga, hindi naikubli ng makapal na t-shirt ang hubog ng mga iyon. Her small nipples were teasing him. He wanted to kick himself nang muli pang bumaba ang mga mata niya sa mga binti nito. Smooth and shapely.

Nang muling bumalik ang mga mata ni Elton sa mukha ng dalaga ay namumula ito at siguradong hindi nakaligtas dito ang ginawa niya.

Pinapormal niya ang mukha. "Sumabay ka nang kumain."

Hindi ito sumagot at tahimik na naupo.

"Sorry for checking you out like that. That was rude of me." Sanay siya sa pagiging prangka.

Nakanganga pa rin sa kanya ang dalaga. "Checking me out?"

He rolled his eyes. Kailangan bang ulit-ulitin?

"Talaga?" She was clueless. Damn it. "Nagagandahan ka sa akin?" Her voice was shy. A hopeful smile was on her lips. May iba ba itong inaasahan?

Gusto niyang iuntog ang sarili. Hindi niya kailangan ng panibagong komplikasyon sa buhay niya. He gave her an icy stare.

"No, sweetheart." He hated to be this cruel. "Nagkataon lang na lalaki ako at babae ka. It's been long since the last time I had sex. But checking you out does not mean I want to have sex with you. You're not exactly my type, if you know what I mean."

She was shocked. And hurt. Lahat ng iyon ay hindi naitago ng dalaga. Kumurap-kurap ito bago niyuko ang pagkain. She bit her lip as if contemplating what to say. Doon napako ang paningin niya and his groin stirred. Damn, now he was thinking about sex.

Matapos ang tahimik na hapunan ay nagtimpla lang ng kape si Elton at lumabas sa porch bitbit ang laptop. Matapos niyang iligpit at hugasan ang mga pinagkainan nila ay kinuskos niya ang counter at lababo. Nabigla pa siya nang mapasigok siya. Pinunasan niya ang luha.

Hindi mataas ang self-confidence ni Sera. At ang sinabi ng binata kanina ay totoong nakasakit sa kanya. Hindi niya inaasahan na pupurihin siya nito, ngunit lalong hindi niya inaasahan na lalaitin siya ni Elton. Hindi porke tila ito biyaya sa mga kababaihan ay may karapatan na itong maliitin siya. Parang sirang plaka sa isip niya ang pang-iinsulto ng binata.

Naiinis na nilabhan niya ang mga basahan at isinampay sa laundry area sa likod bahay. Nalabhan at naisampay na rin niya roon ang mga nabasa niyang damit pati ang backpack.

Dumiretso siya sa kuwarto at nahiga. Pilit ipinaaalala sa sarili kung bakit siya naroon sa lugar na iyon. Trabaho lang ito, hindi kailangang maging emosyonal siya.

Naiinis na pinahid ni Sera ang luhang muling pumatak. Maaari naman sigurong ipaalam na lang niya kay Monique ang eksaktong kinaroonan ni EJ Trinidad, at siguradong may researcher ito na mas matibay ang dibdib.

Pagkamadaling araw ay gising na siya. Alam niyang ngayon darating si Mang Dante at kanina pa siya nakaabang sa aplaya. Ang mga damit niya ay basa pa at isinilid lang niya sa plastic bago inilagay sa backpack na basa pa rin. Ang suot niya ay ang t-shirt at boxer shorts pa rin ni Elton. Nagdesisyon siyang sasama na sa matanda pabalik ng San Vicente. Doon na siya magbibihis.

Hindi na siya magpapaalam sa binata dahil siguradong hindi siya nito papayagang makaalis sa pag-aalalang ilantad niya ang kinaroroonan nito.

Maliwanag na nang matanaw ni Sera ang paparating na bangka sakay si Mang Dante at ang apo nito. Isinukbit niya ang backpack.

"Mang Dante…" bati niya sa matanda.

Kumunot ang noo nito na tila sinisino siya. "Ikaw ba iyong dapat sasabay sa akin?"

"Ako nga po. Kaso may nag-alok na ihatid ako rito kahapon."

"Pambihira! Hinintay pa kita kaya ako tinanghali ngayon."

"Pasensya na ho, sasama naman ako pabalik."

Ibinaba muna ng matanda ang dalawang kahon na dala bago muli siyang binalingan.

"O, hindi ba si Elton iyong hinahanap mo na AJ… EJ ba?"

"Hindi ho…"

"Ah sige, at ipapanhik lang namin itong mga kahon."

Nag-panic si Sera. "Dito n'yo na lang ho iwanan. Bayad naman na iyan, di ba?"

Kumunot ang noo ng matanda. "Nakakahiya kay Elton kapag dito lang iiwanan."

"Sige ho. Baka kasi gabihin ako sa pabalik sa Maynila." Hindi niya gustong magduda ang matanda. "Hihintayin ko na lang kayo rito. 'Wag

n'yo na hong gisingin si Elton at mainit ang ulo."

Tumango lang ang matanda at magkatulong ito at ang apo na ipinanhik ang dalawang kahon.

Maingat siyang sumampa sa bangka at naupo. Nakahinga siya nang maluwag nang matanaw na pababa na si Mang Dante at ang apo nito. Nang makasakay ang dalawa ay matagal pa bago napaandar ng matanda ang makina ng bangka nito.

"Wait…" Sabay-sabay silang napalingon kay Elton na tumatakbo palapit sa kanila. Naka-boxers lang ito at walang pang-itaas. "Hindi siya puwedeng sumama sa inyo…" tukoy nito sa kanya.

"Tara na ho…" ani Sera sa dalawang kasama sa bangka na nagkatinginan.

Nataranta siya nang lumusong sa tubig si Elton patungo sa kanila. "Tara na ho…" pilit niya sa matanda pero hindi ito kumikilos.

Tangkang aabutin niya ang sagwan ngunit hinila ni Elton ang beywang niya at walang hirap na naibaba siya nito mula sa bangka.

Tumili siya kasabay ng muling pagkahulog sa tubig ng backpack niya.

"Sige ho, lumakad na kayo. Wala hong kapalit na yaya ito, kaya hindi puwedeng umalis. Kailangang makontak ko muna ang agency." Nagpumiglas siya

mula sa pagkakahawak nito sa beywang niya ngunit tila bakal ang mga braso nito.

Tumango ang matanda at nagsimulang lumayo ang bangka. Mabilis niyang inabot ang gilid niyon at hindi inaasahan ni Elton iyon kaya lumuwag ang kapit nito sa beywang niya.

Hindi maintindihan ni Mang Dante kung itutuloy ang mabagal na pag-usad ng bangka o hihinto dahil nakakunyapit siya sa gilid at hawak naman ni Elton ang beywang niya. Sigurado siyang magtatagumpay siyang makasakay sa bangka at makakakawala sa mga braso ni Elton ngunit sa pagpupumiglas niya ay bumaba ang mga bisig nito. Mula sa kanyang beywang, dumulas sa balakang niya. Kasama ang boxer shorts!

Nanlalaki ang mga matang bumitaw si Sera sa bangka. Pinilit niyang lumayo sa binata at tumayo ngunit hanggang ilong niya ang tubig. Nag-panic na agad niyang inabot ang binata. Ang mga palad nito ay naglanding sa puwitan niya at parehas nanlaki ang mga mata nila nang ma-realize na hindi pa niya naiaayos ang bumabang boxer shorts.

Agad siyang lumayo mula kay Elton at patingkayad na lumapit sa pampang hawak ang garter ng shorts.

"What the hell was that?" may galit na asik nito.

"Talagang ikaw pa ang nagagalit?" Ipinagpapasalamat niyang hindi nito binanggit ang pagsapo sa pang-upo niya kung di nadagdagan pa ang pagkapahiya niya. "Ayoko na rito." Tinanaw niya ang papalayong bangka. Malayu-layo na iyon. "Iyong backpack ko!" tili niya.

Umangat ang kilay ng binata sa tila pag-uutos niya na kunin ang gamit niya.

"Hindi ako marunong lumangoy…" inis na amin niya.

Naiiling na bumalik ito sa tubig at nang bumalik ay dala na ang bag niya. Saglit itong natigilan bago iniabot sa kanya ang backpack. Nawala ang galit na kanina lamang ay malinaw na nakabadya sa mukha nito.

"Your shirt…" Nag-iwas ito ng tingin sa dibdib niya.

Niyuko ng dalaga ang sarili. Nakahulma sa dibdib niya ang basang shirt at tila wala na siyang pang-itaas.

Napapahiyang niyakap ni Sera ang backpack kasabay ng pagbaba ng mga mata. Wrong move, dahil napako sa harapan ng boxers ng binata ang mga mata niya. At maliwanag na wala itong pang-

ilalim sa boxers.

Awtomatikong itinakip niya sa harapan ng lalaki ang backpack na wala sa loob na tinanggap nito. Humalukipkip siya kasabay ng pagtalikod.

"Magtakip ka ng backpack," utos niya rito. "Para na tayong si Adan at si Eba rito."

Elton tried to suppress his smile, but failed. Ibinaling niya ang tingin sa karagatan upang hindi makita ng dalaga ang ngiti niya sakaling humarap ito. Paraiso nga ang lugar, ngunit ang huling naiisip niya ay ang magtila-Adan at Eba sila rito.

She's not exactly his type. He had his fair share of women. Ang mga babaeng napapaugnay sa kanya ay karaniwang matangkad at mestiza. Pasimpleng sinulyapan niya ang dalaga na nakatalikod pa rin sa kanya. Hindi maipagkakailang interesante ito.

Ipinilig niya ang ulo, ipinaaalala sa sarili na hindi niya kailangan ng panibagong komplikasyon.

Ang mga nakaraang linggo ay punung-puno na ng komplikasyon: ang matagal na niyang kasintahan ay biglang nawala, isang araw bago ang kasal nila. She sent him a message the day after their supposed wedding, at ayon kay Crystal, napuno ito ng alinlangan sa relasyon nila. Clearly, she did not

love him enough to trust him. Ang halos isang taong relasyon nila ay inakala niyang sapat upang makilala at pagkatiwalaan nila ang isa't isa.

At bagaman naniniwala siyang mahal niya si Crystal, surprisingly, he didn't care. Tila mas nalulungkot pa siya na hindi siya pinagkatiwalaan kesa sa katotohanang iniwan ng babae. Ayon dito ay kailangan nito ng space upang mag-isip.

Kung tutuusin, hindi niya kailangang magtago dahil lamang iniwanan siya ni Crystal. He was stronger than that. He survived showbiz for more than a decade, another scandal would not matter. Ngunit ginamit niya iyong oportunidad upang iwanan ang makulay na mundo ng show business.

Ang alam ng lahat ay solong anak siya ng isang negosyante at isang theater actress. His parents separated and he followed his mother's love for the limelight. Lingid sa kaalaman ng publiko, mayroon siyang kapatid sa ama. They were really close at ginagawa niya ito para sa kapatid.

Lumaki si Chloe sa poder ng ama. At bagaman labag sa loob ay nagpakasal ito upang bigyang-daan ang isang business merger. They lived separately after several months. At ngayon, pagkalipas ng dalawang taon ay inihahanda na ang annulment ng mga ito.

Lamang ay nagkaroon ng karelasyon ang kapatid noon lamang isang taon at nagbuntis. Naitago nito ang pagbubuntis sa asawa sa pamamagitan ng pag-iikot sa iba't ibang bansa. Ipinanganak nito ang bata sa Australia. At ngayong bumalik ito ng Pilipinas para sa annulment, hindi maaring malantad ang anak nito upang hindi magkaproblema sa proseso.

Hindi siya sang-ayon sa pagkakaroon ni Chloe ng extra marital affair, ngunit mas nais niyang matuloy ang annulment nito mula sa abusadong asawa. Huli na nito ipinagtapat na pinagsasamantalahan at sinasaktan ito ni Raymond, ang asawa nito. Kung malalaman ni Raymond ang tungkol sa bata ay hindi nila alam ang kaya nitong gawin kay Chloe, lalo pa sa anak nito.

Ang sabi ni Chloe, pumayag na ang papa nila sa annulment dahil nalaman nito ang pagiging abusado ni Raymond. Ngunit kung malalaman ng papa nila ang tungkol sa bata, hindi sila sigurado kung hanggang saan ang magiging suporta nito. Siguradong hindi nito kukunsintihin ang extra marital affair ng kanyang kapatid, lalo at may sariling pamilya na rin si David na naging karelasyon ni Chloe.

At ngayon, hindi nagsisisi si Elton na tinalikuran

niya ang kasikatan upang protektahan ang kapatid at ang pamangkin. Muli niyang nilingon ang babae.